



PAGTATALAGA SA KALINIS-LINISANG PUSO NI MARIA Ika-25 Marso 2022

Mahal na Birheng Maria, Ina ng Diyos at aming Ina, sa panahong ito ng pagsubok bumabaling kami sa iyo. Bilang aming ina, mahal mo kami at kilala mo kami. Walang alalahanin sa aming mga puso ang lingid sa iyo. Ina ng awa, hindi minsang naranasan namin ang iyong pagkalinga at payapang pananatili sa aming piling. Walang sawa mo kaming inaakay patungo kay Hesus, ang Prinsipe ng Kapayapaan.

Ngunit naligaw kaming lihis sa landas ng kapayapaan. Nakalimot kami sa mga aral na dulot ng mga trahedya ng nakaraang siglo, ang sakripisyo ng marami na nagbuwis ng buhay sa nakaraang dalawang digmaang pandaigdig. Isinantabi namin ang aming pananagutan sa pamayanan ng mga bansa. Nagtaksil kami sa pangarap ng lahat para sa kapayapaan at sa pag-asa ng mga kabataan. Naging sakim kami. Pinahalagahan lang namin ang aming sariling bayan at sariling interes. Naging manhid kami at nakulong sa mga makasariling pangangailangan at alalahanin. Pinili naming balewalain ang Diyos, na magpasasa sa aming mga ilusyon, na maging mayabang at mapusok, na kitilin ang mga inosenteng buhay at mag-imbak ng mga sandata. Kinaligtaan naming maging mapagmalasakit na kapwa at katiwala ng sangnilikha na tahanan naming lahat. Nagdulot kami ng pinsala sa hardin ng mundo dahil sa mga digmaan at aming kasalanan. At sinugatan namin ang puso ng Ama sa langit na naghahangad na magturingan kaming magkakapatid. Naging manhid kami sa lahat maliban sa aming sarili. Wala kaming mukhang maiharap sa iyo. Kami'y nagsusumamo, Kaawaan mo kami, Panginoon.

Mahal naming Ina, sa abang kalagayan ng aming pagka-makasalanan, ng aming mga pagsisikap at kahinaan, sa misteryo ng kabuktutan ng kasamaan at digmaan, ipinapaalala mo sa amin na hindi kami pinababayaang ng Diyos bagkus nagpapatuloy na kalugdan kami ng may pagmamahal at laging handa na magpatawad at iahon kami sa bagong buhay. Ipinagkaloob ka Niya sa amin upang ang iyong Kalinislinisang Puso ay maging tahanan at takbuhan ng Simbahan at sangkatauhan. Sa mapagpalang kalooban ng Diyos, kapiling ka naming lagi kahit na sa maligalig na bahagi ng aming kasaysayan naroroon ka upang gabayan mo kami ng iyong masintahing pag-ibig.

Bumabaling kami sa iyo at dumudulog sa iyong puso. Kami ang iyong mga minanamahal na anak. Sa bawat salinlahi ipinapahayag mo ang iyong sarili at hinihimok kaming magbalik-loob at magbagong buhay. Sa madilim na yugtong ito, tulungan at papanatagin mo kami. Sambitin mong muli sa amin "*Hindi ba't naririto ako? Ako ang inyong Ina.*" Nakakalag mo ang mga buhol sa aming mga puso at sa aming panahon. Nagtitiwala kami sa iyo. Panatag kami na hindi mo bibiguin ang aming pagsamo at tutulungan mo kami lalo na sa panahon ng pagsubok.

Ginawa mo ito sa Cana, Galilea nang ikaw ang dumulog kay Hesus na nagsagawa ng kanyang unang himala. Upang mapanatili ang diwa ng pagdiriwang sa kasalan, ipinamanhik mo sa kanya, "*Naubusan sila ng alak*" (Jn 2:3). Mahal naming Ina, ipamanhik niyo rin kami sa panahong nauubusan na kami ng alak ng pag-asa. Lumisan na ang kagalakan. Nanamlay na ang pagsasamahan. Nakaligtaan namin ang dangal ng aming pagiging tao at winaldas ang handog na kapayapaan. Hinayaan naming pamayanihin sa aming puso ang karahasan at pamiminsala. Higit

Supilin mo ang galit at paghihiganti. Turuan mo kaming magpatawad.

Ipag-adya mo kami sa digmaan at ipagsanggalang sa kasamaan ng mga sandatang nuclear.

Ina ng Santo Rosaryo, imulat mo sa amin ang pangangailangang manalangin at magmahal.

Reyna ng Sangkatauhan, ipakita mo sa amin ang landas ng pakakapatiran.

Reyna ng Kapayapaan, ipamanhik mo na mamayani ang kapayapaan sa buong mundo.

Mahal naming Ina, mapukaw nawa ng inyong nagdadalamhating pagsusumamo ang aming pusong namanhid. Nawa'y sumibol muli ang buhay sa pagdilig ng iyong mga luha sa lambak na pinatuyo ng aming mga galit. Sa daluyong ng mga sandata, ibaling nawa kami ng iyong panalangin sa kapayapaan. Papanatagin nawa ng iyong maka-inang haplos ang mga nagdurusa at umiiwas sa pagsabog ng mga bomba. Nawa ang iyong maka-inang yakap ay lingapin ang mga napilitang lisanin ang kanilang mga tahanan at bayan. Himukin nawa kami ng iyong nagdadalamhating puso tungo sa pagmamalasakit at pagbubukas ng aming mga puso na kalingain ang aming mga kapatid na sugatan at nakaligtaan.

Mahal na Ina ng Diyos, sa pagtindig mo sa paanan ng krus, ibinilin sa iyo ang minamahal na alagad sa iyong tabi "*Narito ang iyong anak*" (Jn 19:26). Ipinagkatiwala niya kami sa iyo. Sa minamahal na alagad at sa bawat isa sa amin, winika niya, "*Narito ang iyong Ina*" (v. 27). Inang Maria, nais ka naming panahanin sa aming buhay at kasaysayan. Sa panahong ito, kasama mong nakatindig sa paanan ng krus ang naliligalig at nahahapong sangkatauhan na nais ipagkatiwala ang aming mga sarili sa iyo at sa pamamagitan mo ipagkatiwala kay Kristo. Bumabaling sa iyo ang mga kapatid namin sa Ukraine at Russia na sumisinta sa iyo nang may pagmamahal, ang iyong puso ay pumipintig nang may habag sa kanila at sa lahat ng taong napinsala ng digmaan, kagutuman, kawalang katarungan at karukhaan.

Mahal na Ina ng Diyos, mahal naming Ina, ipinagkakatiwala at itinatatalaga namin sa iyong Kalinis-linisang Puso ang aming mga sarili, ang Simbahan, at ang buong sangkatauhan lalo na ang Russia at Ukraine. Tanggapin mo itong isinasagawa naming may pagtitiwala at pagmamahal. Itulot mo na ang digmaan ay magwakas at ang kapayapaan ay mamayani sa buong mundo. Umusad ang iyong "Fiat" mula sa iyong puso na nagbukas ng pintuan ng kasaysayan sa Prinsipe ng Kapayapaan. Nagtitiwala kami na sa pamamagitan ng iyong puso dadatal muli ang kapayapaan. Itinatatalaga namin sa iyo ang kinabukasan ng buong sangkatauhan, ang mga pangangailangan at pangarap ng lahat ng tao, ang mga alalahanin at pag-asa ng buong daigdig.

Sa iyong panalangin, dumaloy nawa ang awa ng Diyos sa lupa at manumbalik ang mahinahong himig ng kapayapaan. Mahal na Ina ng "Fiat" na nilukuban ng Banal na Espiritu, itaguyod mo sa amin ang pagkakaisa na nagmumula sa Diyos. Ikaw na bukal ng aming pag-asa ay patirin ang pagkauhaw ng aming mga puso. Sa iyong sinapupunan nagkatawang tao si Hesus, tulungan mo kaming magsulong ng paglago sa pagkakaisa. Minsang tinunton mo ang mga lansangan ng daigdig, akayin mo kami ngayon sa landas ng kapayapaan. Amen.